

ANG BANAL NA AWA NG DIYOS (BAHAGI 1 NG 3): ANG DIYOS NA PINAKA-MAAWAIN, ANG NAGBIBIGAY NG AWA

Marka:

Paglalarawan?: Isang praktikal na paliwanag ng dalawa sa mga madalas na paulit-ulit na mga pangalan ng Allah: ar-Rahman at ar-Raheem, at ang likas na katangian ng lahat ng sinasaklawan sa Awa ng Diyos.


Kategorya: [Mga Artikulo](#) [Mga Paniniwala ng Islam](#) [Tungkol sa Diyos](#)

Ni: Imam Mufti

Nailathala noong: 24 Aug 2020

Huling binago noong: 16 May 2022

Kung may magtanong, 'Sino ang iyong Diyos?' Ang sagot ng mga Muslim ay, 'Ang Pinaka-Maawain, ang nagbibigay ng Awa.' Ayon sa mga mapagkukunan ng Islamikong impormasyon, ang mga propeta, habang binibigyang diin ang paghatol ng Diyos, ay inihayag din ang Kanyang awa. Sa Banal na Kasulatan ng mga Muslim, ipinapakilala ng Diyos ang Kanyang Sarili bilang:



“Siya ang Diyos, walang diyos maliban sa Kanya. Ang nakakaalam sa mga nakalingid at saksi. Siya ang Mahabagin, ang Maawain.” (Quran 59:22)

Sa Islamikong bokabularyo ang *ar-Rahman* at *al-Raheem* ay ang mga personal na pangalan ng Buhay na Diyos. Parehong nagmula sa pangngalang *rahmah*, na nangangahulugang "awa", "pagkahabag", at "mapagmahal na lambing". Inilalarawan ng *Ar-Rahman* ang likas na katangian ng Diyos na Pinaka-Maawain, habang inilalarawan ng *ar-Raheem* ang Kanyang mga gawa ng awa na nakalaan sa Kanyang nilikha, isang banayad na pagkakaiba, ngunit isa na nagpapakita na sinasaklaw Niya ang lahat ng Kanyang Awa.

"Sabihin: “Kayo ay manawagan sa Diyos o manawagan sa Pinaka-Mahabagin (ar-Rahman) anuman ang iyong itawag - sa Kanya ang pagmamay-ari ng mga pinakamagagandang Pangalan....” (Quran 17:110)

Ang dalawang Pangalang ito ay ilan sa mga madalas na ginagamit na mga Pangalan ng Diyos sa Quran: Ginamit ang *ar-Rahman* ng limampung pitong beses, habang ang *al-Raheem* ay ginagamit nang doble ng higit pa (isang daan at labing-apat).^[1] Ang isa ay nagbibigay ng isang higit na kahulugan ng mapagmahal na kabaitan, sinabi ng Propeta:

"Sa katunayan, ang Diyos ay mabait, at Mahal Niya ang kabaitan. Binibigyan niya ng kabaitan ang hindi Niya binigyan ng kagaspangan." (Saheeh Muslim)

Parehong banal na katangian na nagpapahiwatig ng kaugnayan ng Diyos sa Kanyang nilikha.

"Ang lahat ng papuri ay sa Diyos ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha. Ang Mahabagin, ang mapagbigay Awa." (Quran 1:2-3)

Sa isang panalangin na binabasa ng mga Muslim ng labing pitong beses sa isang araw, nagsisimula sila sa pagsasabi:

"Sa Ngalan ng Diyos, ang Mahabagin, ang Maawain. Ang lahat ng papuri ay sa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga nilikha. Ang Mahabagin, ang Maawain." (Quran 1:1-3)

Itong makapangyarihang salita ay nagpupukaw ng banal na tugon:

"Kapag sinabi ng alipin: 'Purihin ang Diyos, ang Panginoon ng Lahat ng Mundo,' sasabihin Ko (Diyos): 'Pinuri Ako ng Aking lingkod.' Kapag sinabi niya: 'ang Pinakamahabagin, ang Nagbibigay ng Awa,' sasabihin Ko (Diyos): 'Ang Aking lingkod ay pinuri Ako.'" (Saheeh Muslim)

Ang mga pangalang ito ay patuloy na nagpapaalala sa isang Muslim ng banal na awa na nakapaligid sa kanya. Ang lahat maliban sa isa sa mga kabanata ng banal na kasulatan ay nagsisimula sa pariralang, 'Sa Ngalan ng Diyos, ang Pinaka Maawain, ang Nagbibigay ng Awa.' Nagsisimula ang mga Muslim sa Pangalan ng Diyos upang maipahayag ang kanilang lubos na pagtitiwala sa Kanya at paalalahanan ang kanilang sarili ng banal na awa sa tuwing sila ay kumakain, uminom, magsulat ng isang liham, o gumanap ng anumang may halaga. Ang espiritualidad ay umuusbong sa pandaigdig. Ang pagtawag sa Diyos sa simula ng bawat makamundong kilos ay ginagawang mahalaga, pagtawag ng banal na pagpapala sa gawa na ito at inilalaan ito. Ang pormula ay isang tanyag na tema ng dekorasyon sa mga manuskrito at dekorasyon ng arkitektura.



"Sa Ngalan ng Diyos, ang Mahabagin, ang Tagapagbigay ng Awa" Kaligrafiya ni Yousef, isang Dutch (Olandes) na pintor.

Ang pagbibigay ng awa ay kailangan ng isang tao na pagbibigyan nito. Ang sinuman na pinakitaan ng Awa ay dapat nangangailangan nito. Ang perpektong awa ay pagmamalasakit sa mga nangangailangan, samantalang ang walang hanggan na awa ay umaabot sa mga nangangailangan o hindi nangangailangan, mula sa mundong ito hanggang sa kamangha-manghang buhay pagkatapos ng kamatayan.

Sa turo ng Islam, ang mga tao ay nagtatamasa ng isang personal na kaugnayan sa Mapagmahal, Maawain na Diyos, handang magpatawad ng mga kasalanan at tumugon sa mga panalangin, ngunit hindi Siya maawain na tulad ng ating pagkaramdam ng awa sa isang nalulungkot at awa para sa nababalisasa. Ang Diyos ay hindi naging tao upang maunawaan ang pagdurusa. Sa halip, ang awa ng Diyos ay isang katangian na naaangkop sa Kanyang kabanalan, na nagdadala ng banal na tulong at pabor.

Malawak ang awa ng Diyos:

"Sabihin: 'Ang inyong Panginoon ang [Siyang] may tangan ng walang hanggang habag....'" (Quran 6:147)

Sumasaklaw sa lahat ng umiiral:

"...subalit ang Aking habag ay sinasaklawan ang lahat ng mga bagay...." (Quran 7:156)

Ang paglikha mismo ay isang pagpapahayag ng banal na pabor, awa at pag-ibig. Inaanyayahan tayo ng Diyos na obserbahan ang mga epekto ng Kanyang awa sa ating paligid:

"Kaya, tunghayan, (o sangkatauhan) ang mga tanda ng habag ng Allah - kung paano Niya binibigyang-buhay ang lupa na dati ay walang buhay!..." (Quran 30:50)

Mahal ng Diyos ang Mahabagin

Mahal ng Diyos ang habag. Tinitingnan ng mga Muslim na ang Islam ay isang relihiyon ng awa. Sa kanila, ang kanilang Propeta ay regalo ng awa ng Diyos sa lahat ng sangkatauhan:

"At ikaw [O Muhammad] ay hindi Namin ipinadala maliban bilang isang habag para sa lahat [ng mga nilikha]." (Quran 21:107)

Tulad ng paniniwala nila na si Hesus ay awa ng Diyos sa mga tao:

"at siya ay Aming gagawin bilang palatandaan para sa sangkatauhan at isang habag mula sa Amin." (Quran 19:21)

Isa sa mga anak na babae ni Propeta Muhammad, sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala, ay nagpadala sa kanya ng balita ng tungkol sa pagkakasakit ng kanyang anak na lalaki. Ipinaalala niya sa kanya na ang Diyos ang Siyang nagbibigay, Siya ang bumabawi, at lahat ay may itinakdang termino. Ipinaalala niya sa kanya na maging matiisin. Nang dumating ang balita tungkol sa pagkamatay ng kanyang anak na lalaki, tumulo ang luha ng pagka awa sa kanyang mga mata. Nagulat ang mga kasama niya. Ang Propeta ng Awa ay nagsabi:

"Ito ay habag na inilagay ng Diyos sa mga puso ng Kanyang mga lingkod. Sa lahat ng Kanyang mga alipin, ang Diyos ay may habag lamang sa mahabagin." (Saheeh Al-Bukhari)

Mapalad ang maawain, sapagkat sila ay papakitaan ng awa, tulad ng sinabi ni Propeta Muhammad (sumakanya nawa ang kapayapaan at pagpapala):

"Ang Diyos ay hindi mahahabag sa isang taong hindi mahabagin sa kanyang kapwa tao." (Saheeh Al-Bukhari)

Sinabi rin niya:

"Ang Lubos na Maawain ay magpapakita ng awa sa mga maawain. Maawa ka sa mga nasa lupa, at ang Nag-iisa sa itaas ng kalangitan ay maawa sa iyo." (At-Tirmidhi)

Talababa:

[1] Sa kabaliktaran, ang 'Maawain' ay hindi lumitaw bilang isang banal na pangalan sa Bibliya. (Jewish Encyclopedia, 'Names of God,' p. 163)

Ang web address ng artikulong ito:

<https://webcache001.islamreligion.com/tl/articles/419/ang-banal-na-awa-ng-diyos-bahagi-1-ng-3>

Copyright © 2006-2020. Lahat ng mga karapatan ay inilaan. © 2006 - 2026 IslamReligion.com. Lahat ng mga karapatan ay inilaan.